

Habang parating ang panahon ng taglamig, dapat natin matuguna ang mga seasonal na panganib na maaaring maapektuhan an personal na kaligtasan at kahusayan sa pagpapatakbo. Ang kondisyon sa taglamig ay nagpapakita ng hanay ng mga panganib — mula sa mga kondisyon sa kalsada at madudulas na surface hanggang sa mga hamon sa stress sa lamig at kagamitan — ang lahat na kung saan ay nangangailangan ng pinag-iisipang pagpapalano at mga hakbang sa pag-iwas.

MGA PANGANIB

- Binawasang Mga Oras Sa Umaga:
 - o Nagreresulta ang maiikling araw sa limitadong natural na liwanag, binabawasan ang visibility sa mga bakuran, mga loading area, at sa kalsada.
- Mga Walkway at Bakuran na Natatabunan ng Snow:
 - o Ang naiipon na snow ay maaaring magtago sa mga curb, at iba pang sagabal, dinadagdagan ang panganib na matisod, matumba, o pinsala sa pagtanggap ng snow.
- Madudulas na Surface:
 - o Ang yelo at packed snow ay gumagawa ng mga panganib para sa mga nagmamaneho at mga kawani ng bakuran.
- Malamig na Panahon:
 - o Ang pagkakalantad sa mababang temperatura ay maaaring humantong sa mga sakit na nauugnay sa sipon tulad ng frostbite at hypothermia.




- Mga Heater at Furnace Fire:
 - o Ang di wastong paglilinis sa mga pinagmumulan ng init ay maaaring humantong sa mga panganib sa sunog.
- Pagmamaneho sa Taglamig
 - o Ang snow, yelo, at hindi magandang visibility ay madadagdagan ang oras ng pagbibiyaha habang ina-adjust ng mga nagmamaneho ang kanilang gawi sa mga kondisyon.

MGA KONTROL

- Ilaw at Visibility
 - o Beripikahin na ang lahat ng ilaw sa labas ay gumagana at nagbibigay ng sapat na coverage para sa mga lugar ng trabaho, bakuran, at mga parking lot.
- Pagtatanggal ng Snow at Yelo
 - o Tingnan ang mga mababang sagabal at markahan ang mga ito nang malinaw na may mga flag o delineator para maiwasan ang sira o pinsala.
 - o Kumpirmahin na ang plano sa paglilinis ng snow ay naka-schedule at napagsabihan.
 - o Ibudbod ang ice melt at sand sa buong lugar ng trabaho para mabawasan ang mga panganib na madulas.
- Kasuotan sa Trabaho para sa Taglamig at PPE
 - o Kumpirmahin na ang lahat ng kawani ay mayroong naaangkop na winter gear, kasama ang:
 - » Boots para trabaho sa taglamig (Magsuot ng insulated, waterproof na boots na may mga suwelas na hindi madudulas.
 - » Winterized PPE (gloves, mga jacket, atbp.)
 - » Mga Ice Cleat (traction aids)
- Mga Inspeksyon sa Heater at Furnace
 - o Tingnan na ganap na gumagana ang mga ito at nasa magandang kondisyon.
 - o Panatilihin ang minimum na clearance mula sa mga madaling magningas na materyales
 - » 61 cm (24 na pulgada) sa mga Forced-Air Furnace
 - » 61 cm (24 na pulgada) sa mga Unit Heater
 - » 21 cm (12 na pulgada) sa mga Electric Heater
- Paghahanda ng Sasakyan para sa Taglamig
 - o Mga snow brush
 - o Mga pangkayod ng yelo
 - o Mga extension cord
 - o Mga pala
 - o Mga pang-emergency na blanket
 - o Lumipat sa mga winter tire (kung naaangkop)



(ipinagpatuloy)



» RISK. PROFESSIONALLY MANAGED.

Telepono: 204-632-6600 | Email: info@rpmsafety.ca | Web: www.rpmsafety.ca

25 Bunting Street Winnipeg, MB R2X 2P5

- Kaligtas sa Pagmamaneho
 - o Hikayatin ang mga defensive na kasanayan sa pagmamaneho.
 - o Isaalang-alang ang karagdagang oras ng pagbibiyahang dahil sa nabawasang traction at visibility.
- Mga Alerto sa Lagay ng Panahon sa Taglamig
 - o Edukasyon sa uri ng mga alerto na ginagamit para sa iba't ibang pangyayari:
 - » Mga Espesyal na Pahayag sa Lagay ng Panahon: ibinibigay para ipaalam sa iyo na hind karaniwan ang mga kondisyon at maaari itong magdulot ng alalahanin.
 - » Mga pagpapayo: ibinibigay para sa partikular na mga kaganapan sa panahon (tulad ng bumubugsong snow, fog, nagyeyelong ambon at frost) na hindi gaanong matindi, ngunit maaari pa ring makaapekto nang malaki sa mga Canadian.
 - » Mga Pagsubaybay: inaalertuhan ka sa mga kondisyon ng panahon kung saan mayroong potensyal na magaganap ang malakas na bagyo o masamang panahon. Habang nadaragdagan ang katiyakan tungkol sa landas at lakas ng sistema ng bagyo, maaaring ma-upgrade sa Babala ang Pagsubaybay.
 - » Mga babala: mga apurahang mensahe na may mangyayari o magkakaroon ng masamang panahon. Regular na ina-update ang mga alertong ito para mapanatili kang may nalalaman at mapahintulutan kang gumawa ng naaangkop na aksyon.
 - o Mga kategorya ng alerto (ang bawat isa sa mga ito ay maaaring mangyari kasabay ng isa pa):
 - » Mga Alerto sa Ulan:
 - ◆ Snowfall – malakas na snowfall.
 - ◆ Nagyeyelong Ulan / Nagyeyelong Ambon – kapag pumatak ang ulan o ambon sa sub-zero na mga ibabaw at nagyelo sa pagdikit nito, na bubuo ng layer ng yelo.
 - ◆ Winter Storm – ibinibigay kapag inaasahang mangyayari nang magkasabay ang maraming uri ng masamang panahon sa taglamig.
 - » Mga Alerto sa Lamig:
 - ◆ Napakalamig – napakalamig na mga temperatura o napakababang mga value ng lamig ng hangin.
 - ◆ Flash Freeze – ibinibigay kapag ang mabilis na pagbaba ng temperatura ay nagdulot ng mabilis na pagyelo ng tubig mula sa ulan o natunaw na snow sa mga kalye, bangketa, atbp.
 - » Mga Alerto sa Poor Visibility (Hindi Gaanong Makita):
 - ◆ Blizzard – ibinibigay kapag ang hangin ay inaasahang gumawa ng bumubugsong snow, na nagbibigay ng malawakang nabawasang visibility na 400 metro o mas mababa.
 - ◆ Bumubugsong Snow – ibinibigay kapag inaasahang gumawa ng bumubugsong snow ang hangin, na nagbibigay ng poor visibility na 800 metro o mas mababa.

BATAS:

PEDERAL

Kodigo sa Paggawa ng Canada, Bahagi II

- Seksyon 125(1)(z.03): Dapat bumuo at magpatupad ang mga employer ng programa sa pag-iwas sa panganib na isinasalang-alang ang lahat ng kondisyon.

Mga Regulasyon ng Canada sa Kalusugan at Kaligtasan sa Trabaho

- Seksyon 14.9(1): Dapat kontrolin ng mga employer ang pagkakatantanan sa malamig at iba pang mga panganib sa kapaligiran kapag nagpapatakbo ng de-motor na kagamitan na namamahala ng materyal.

PANLALAWIGAN

Batas ng Manitoba sa Kaligtasan at Kalusugan sa Lugar ng Trabaho:


- Seksyon 4(1): Dapat tiyakin ng bawat employer, hangga't makatwirang magagawa, ang kaligtasan, kalusugan at kapakanan sa trabaho ng lahat ng manggagawa ng employer.

Regulasyon ng Manitoba sa Kaligtasan at Kalusugan sa Lugar ng Trabaho:

- Bahagi 4.5(1): Dapat tiyakin ng employer na ang mga sahig, platform, daanan, rampa at hagdan na available para magamit ng manggagawa ay pinapanatiling nasa magandang kondisyon at maiiwasan ang mga panganib na madulas at matisod.

PAG-IWAS

Ang mga kondisyon sa taglamig ay nangangailangan ng pinaigting na kamalayan at paghahanda. Manatili tayong maagap, sabihin ang mga panganib at tiyaking may sapat na gamit at kakayahan ang lahat ng driver at kawani para ligtas na mag-operate sa buong season.



[Pagtukoy ng Panganib at Pagkontrol ng Panganib](#)

Ang pag-alam sa makakasakit sa mga manggagawa sa trabaho ay ang unang hakbang para matiyak na mananatili silang ligtas. Ang kursong ito ay magbibigay sa mga estudyante ng praktikal na kaalaman na kinakailangan para matukoy, ma-assess at makontrol ang mga mapanganib na elemento ng kanilang lugar ng trabaho para magampanan nila ang kanilang tungkulin sa pag-iwas sa mga mapanganib na insidente.



[Pangunang Lunas na Pang-emergency: CPR: Level C at AED](#)

Ang kurso na pangunang lunas at cardiopulmonary resuscitation (CPR) ay nagbibigay ng mga kakayahan na kinakailangan para malaman at matugunan ang mga emergency sa puso at kapag nabulunan para sa mga Nasa Hustong Gulang, Bata at mga Sanggol. Ang kursong ito, ay ibinibigay ng RPM Safety at naaangkop para sa mga kinakailangan sa lugar ng trabaho.



» RISK. PROFESSIONALLY MANAGED.

Telepono: 204-632-6600 | Email: info@rpmsafety.ca | Web: www.rpmsafety.ca

25 Bunting Street Winnipeg, MB R2X 2P5